## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL
**Aralin 50**

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting makata! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Ihanda ang imahinasyon; gagawa tayo ng istorya!* |

**Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 50**

Theme: Mga Kakatwang Mundo at Pangyayari - “Ang Batang Hindi Tumatanda At Ang Mga Batang Ligaw”

Content Creator: April Grace M. Garcia

**Ang Batang Hindi Tumatanda At Ang Mga Batang Ligaw**

**WRITING PROMPT LESSON 50**

---

**I.Pagbati**

Magandang buhay, mga makata! Ito na naman si Teacher ________!

Sa huling tagpo, dinala tayo ng isang misteryosong lindol tungo sa Neverland! Ngayong araw, makikilala natin ang ilan sa mga nakatira sa Neverland. Handa ka na bang makilala sila?

**II.Writing Prompt of the Day**

Sa iyong paglalakad, naramdaman mo ang takot na hindi ka na makakauwi, biglang may isang binatilyo at grupo ng mga batang maliliit ang pumalibot sa iyo!

Ang ngalan daw ng binatilyo ay Pete Pan. Tinanong mo siya tungkol sa kanyang sarili at nalaman mong siya'y nakatira sa Neverland. Kasama rin niya ang mga Batang Ligaw. Sila ang mga batang nawala matagal nang panahon. Sila daw ay makakatulong sa iyo para makauwi! Ngunit, ayon kay Pete at mga Batang Ligaw, may

kapalit daw ito, dahil kailangan din nila ang tulong mo! Mas bigyan natin ng detalye ang kwento!

•Ano ang itsura ni Pete Pan?
•Mapagkakatiwalaan mo ba siya? Bakit?
•Ano naman ang itsura ng tatlong Batang Ligaw?
•Magtitiwala ka rin ba sa kanila? Bakit?
•Sila ay bata rin tulad mo, paano ka kaya nila matutulungang umuwi?

**III.Teacher's Message**
Gamitin ang mga tanong sa itaas upang mas makabuo ng kwento. Kung kaya ninyong isulat sa Ingles ang inyong kwento pagkatapos, subukan niyo rin!

Paano ka kaya makakauwi? Ating alamin sa susunod na kabanata!

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."